Ayon kay Ibnu Abbās malugod si Allah sa kanilang dalawa-Sa sinabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya:((At sila ay nagsipag-usapan sa isa't-isa:"Huwag ninyong tatalikdan ang inyong mga diyos,gayundin ay huwag ninyong iiwan sina Wādd,Suwā,Yāguth,Yā'uq at Nasr)) Sinabi niya; Ito ay mga pangalan ng mga mabubuting kalalakihan mula sa pamayanan ni Propeta Nūh,at nang sila ay naglaho,ibinulong ni Satanas sa pamayanan nila na gumawa sila ng rebulto sa inuupuan nila,sa lugar na kung saan ay naka-upo rito ang mga rebulto at tatawagin nila ito sa mga pangalan nila,at ginawa nila,Ngunit hindi ito sinamba,hanggang sa tuluyan silang nalipon,at naglaho narin ang kaalaman,at sinamba nila ito(mga rebulto)

Ayon kay Ibnu Abbās malugod si Allah sa kanilang dalawa-Sa sinabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya:((At sila ay nagsipag-usapan sa isa't-isa:"Huwag ninyong tatalikdan ang inyong mga diyos,gayundin ay huwag ninyong iiwan sina Wādd,Suwā,Yāguth,Yā'uq at Nasr)) Sinabi niya; Ito ay mga pangalan ng mga mabubuting kalalakihan mula sa pamayanan ni Propeta Nūh,at nang sila ay naglaho,ibinulong ni Satanas sa pamayanan nila na gumawa sila ng rebulto sa inuupuan nila,sa lugar na kung saan ay naka-upo rito ang mga rebulto at tatawagin nila ito sa mga pangalan nila,at ginawa nila,Ngunit hindi ito sinamba,hanggang sa tuluyan silang nalipon,at naglaho narin ang kaalaman,at sinamba nila ito(mga rebulto)

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Binibigyang kahulugan ni Ibni Abbas-malugod si Allah sa kanilang dalawa-sa marangal na talata na ito,Na tunay na ang mga Diyos na ito na binanggit ni Allah-pagkataas-taas Niya-Na ang mga pamayanan ni Propeta Nuh ay nangaral sa isat-isa sa pagpapatuloy sa pagsamba rito pagkatapos silang pagbawalan ng propeta nila na si Nuh-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagtatambal kay Allah-Tunay na sa panimula nito ay karainwang mga pangalan ng mababuting kalalakihan mula sa kanila,minahal nila ito ng lubos dahil sa pag-

akit ni Satanas sa kanila, hanggang sa nagtayo sila ng Larawan nila, Nagbago ang kanilang mga gawain dahil sa larawan na ito, hanggang sa tuluyang ito ay naging rebulto na sinsamba,maliban kay Allah.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3421